



MGA BAYANI NG PANGMADALATAYA





MGA BAYANI NG PANANAMPALATAYA



Linggang Eskwela na syllabus mula sa “Children are Important”

Aklat Pangguro

Para sa Lahat ng Edad

Yunit 3: mga aralin 1-13 (27-39)

Web: www.ChildrenAreImportant.com/heroes/

SALAMAT SA BUONG PANGKAT NG “CHILDREN ARE IMPORTANT”!

Editor: Kristina Krauss

Creative Team: Abril Palacios Camacho, Areli Zuriel Salinas Sanchez, Marlon José Hernández, Ramón Martínez García, Dwight Krauss, Flor Boldo, Jennifer Sánchez Nieto, Julio Sánchez Nieto, Mike Kangas, Suki Kangas, Verónica Toj, and Vickie Kangas.

Thanks to Rubén Dario for the wonderful music in this program.

Translation Team: alineviera, Anupama Wankhede, Anton Klymyk, Araz Mammadzadeh, Aroma Publications and Media, Arturo Jr Boron, Blessy Jacob, Carmela Dawn Flores, Chrisbresnahan, David Raju, Ephraim Njuguna Mirobi, Finny Jacob, Geenav, HamidReza Azimi (hamid.azimi1364 at gm#ail com), Heyaudrey, I-clever.com, iqbalman, Jacob Kuruvilla, kamilturk, Karunguru Mwangi, kiran, Maitrayi Mondal, Marco Chu, Marcos Rocha, Mathew Das, Mitesh Mandaliya, mrramlama, Mrs.Geethashree NavaneethaKrishnan, Nassim Bougtaia, nicbenk, Paul Mwangi, Paul Septan, Rana922, Rubina Rai, Safdar Khan, shahroshan15, Talento-Unido, ueritom, Verdia Juliansyah Cancerika, Yeoh Jung Chin, Zeina Mirella Barzaga Arencibia



YEAH!!



PANIMULA

IMALIGAYANG PAGDATING! sa ikatlong yunit ng “Mga Bayani ng Pananampalaya” Linggong Eskwela!

“Kaya nga, yamang may isang napakalaking ulap ng mga saksing kumukubkob sa atin, isinasaisantabi ang bawat pasan, at ang kasalanang madaling sumalabid sa atin, atin din namang takbuhing may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harapan natin.” Hebreo 12:1

Ang mga saksi na tinutukoy dito sa bersikulong ito ay ang mga taong nasa listahan ng ‘mga bayani’ na makikita sa kapitulo 11 ng Hebreo, parehas na mga bayaning pinag-aralan natin ngayong taon! Tila bagang nakataw sa atin ang lahat ng mga bayaning ito ngayon, at ito na ang ating panahon sa ating takbuhin. Ngayon tayo ay buhay rito sa mundo, at mayroon tayong maibibigay sa Diyos. Ang *grandstand* ay puno ng mga saksing nanonood sa ating tumakbo. Ito ang panahon para sa pagkilos! Mayroon lamang tayong kaunting taon dito sa mundo upang makagawa ng pagbabago, at ito ang panahon para lagyan ng kilos ang ating pananampalataya!

Hindi lahat ay magkakaroon ng oportunidad gaya ni Moises na makipag-usap nang direkta sa pangulo ng isang bansa, kinakatawan ang bayan ng Diyos; ni maligtas ang bayan ng Diyos gamit ang mga piging na may saganang pagkain at magagarang kasuotan. Ngunit ang bawat kwentong ito ay mayroon mahalagang bagay na maiuugnay natin sa ating mga buhay ngayon. Napakahalagang matutunan nating magkusa gaya ni Haring Hezekias at Nehemias, na gaya ni Hob nagpapasakop tayo sa karunong ng Diyos na humihigit sa atin, na isinasaalang-alang natin ang walang hanggan kaysa sa kasalukuyan gaya ni Shadrach, Meshach at Abednego, at hindi tumakbo palayo sa Diyos gaya ni Jonas. Bakit hindi tayo natututo sa napakaraming saksing ito? Tayo ay kumilos sa ating pananampalataya, at ‘tumakbo nang may pagpupursigi sa takbuhing namarkahan para sa atin!’

Nawa’y pagpalain ng Diyos ang iyong buhay sa pagtuturo sa mga bata sa paligid mo para makita ang mga buhay ng “Mga Bayani ng Pananampalataya.”

Nang may Pag-ibig,

Pangkat ng Children are Important






PAANO GAMITIN ANG MATERYAL NA ITO

TALAN NG PANAHOON

Bawat linggo ay guguhit ang mga bata ng linya sa talaan ng panahon sa kanilang aklat para kumatawan sa buhay ng bayani o ang mga pangayayri sa mga kwentong Bibliya. Halimbawa, sa aralin isa, ibinaybay nila ang buhay ni Eliseo sa linya marakahan ng 1 para sa aralin isa. Sa paggamit ng mga bilang na nasa aralin, ang ideya ay kinukwenta ng mga bata kung kailang ang linya ay magsisimula at gaano kahaba ito. Ang bawat parisukat ay kumakatawan sa 100 taon. Halimbawa, nagsimula ang buhay ni Eliseo sa pagitan ng 800 at 900 B.C. at nagtapos sa 800 B.C. Katuwa-tuwang makita ang buhay ng bawat bayani at ang mga kagulat-gulat na mga detalye, gaya ng katotohanang ipinatapon sina Shadrach, Meshach, and Abednego sa nagliliyab na hurno sa panahon ni Jeremias.



1. MAGKUSA



Kwentong Biblia: Eliseo

1 Mga Hari 19:19-21, 2 Mga Hari 2:1-18

☀️ ISASAILONG BERSIKULO 1

Lucas 11:10 “Sapagka't ang bawa't humihingi ay tumatanggap; at ang humahanap ay nakasusumpong; at ang tumutuktok ay binubuksan.”

☀️ KAILANGANG KWENTO 1

Hindi magandang tingnan ang silid ng Linggong eskwela. Kulang ito sa pintura at ang ibang pader ay natutuklap. Isang araw nakita ni Kip ang silid at nalungkot siya, ngunit sinabi niya sa kanyang sarili, “Kailangan kong gumawa ng isang bagay. Bibili ako ng pintura para pinturahan ang silid na ito.” Nag-ipon si Kip sa loob ng maraming buwan para bumili ng isang *video game*, dahil gustung-gusto niya ito. Noong binilang niya ang pera na kanyang inipon, nalaman niyang ito ay eksaktong halaga na kailangan niya para sa pintura at pinsel. Maisusuko ba niya ang pera na kanyang inipon para sa videogame at gastusin ito para sa simbahan?



☀️ PANGUNAHING ARALIN 1

Maligayang pagbabalik sa Mga Bayani ng Pananampalataya! Naging kamangha-mangha na makita ang paraan ng pagpapakita ng Diyos sa buhay ng mga tao sa tanang kasaysayan. Halina't tingnan ang ilan pang mga halimbawa ng pananampalataya na matututunan natin mula sa ating mga buhay. Natatandaan niyo pa ba ang mga kwento mula sa nakaraang dalawang linggo kasama si Elias at ang balo at maging ang mga propeta ni Baal sa Bundok Carmel? Ngayon, matututo tayo sa kanyang tagapagmana na si Eliseo. Noong isinama ni Elias si Eliseo bilang personal na tagapaglingkod, inialay ni Eliseo ang kanyang mga baka at sinunog ang kanyang mga ani. Tumugon siya sa pagtawag niya sa pamamagitan ng pagsunog sa kanyang lumang trabaho at buhay. Ganoon katindi ang hinahanap ng Diyos. Sinabihan tayo ni Hesus na bilangin ang halaga noong nagpasya tayong sundan Siya. Laan ba tayong ilagay Siya na una sa ating mga buhay bago ang iba pang bagay? (Lucas 14:25-35) Makalipas ang ilang panahon, oras na ni Elias para lisanin ang mundo at umakyat sa langit. Itinulak niya si Eliseo papalayo, sinabihan siyang manatili sa ibang lugar habang lumilisan si Elias. Hindi pinayagan ito ni Eliseo. Nagkusa siya, ginawa ang higit sa kung ano ang hiniling sa kanya, at nanatiling naglalakbay kasama ng kanyang amo. Nang sila ay dumating sa ilog Jordan, hinampas ni Elias ang ilog gamit ang kanyang balabal, at ang tubig ay lumayo sa kanila para sila ay makatawid! Minsan lamang nangyari ito sa Biblia. Habang lumalakad sila, tinanong ni Elias si Eliseo kung ano ang kanyang nais. Kinuha muli ni Eliseo ang pagkukusa, at humiling na isang malaking bagay: makalawang bahagi ng espiritu ni Elias. Sumagot si Elias at nagsabi na kung mananatili kang matatag at naroon ka kapag ako ay “mamatay”, makukuha mo ito. Namatay si Elias sa isang kagilalilas na paraan. Sa halip na mamatay nang normal, isang karwahe ng apoy ang bumulusok pababa at kinuha siya at dinala siya sa langit! Pinulot ni Eliseo ang balabal ni Elias at bumalik na siya. Sa ilog Jordan, kinuha niya muli ang pagkukusa at hinampas ang tubig tulad ng ginawa ni Elias, at naghiwalay din ang



tubig para sa kanya! Mayroon siyang pananampalataya na tutugon ang Diyos sa kanya at ibibigay sa kanya ang anumang hilingin niya.

Nakakakita din tayo ng mga taong may pagkukusa sa Bagong Tipan. Nagwika si Pedro kay Hesus na siya ay tawagin para makalakad sa tubig, at nagawa niya! Isang Canaanita ang nagpumilit kay Hesus na pagalingin ang kanyang anak na babae. Noong nagsabi si Hesus na siya ay isinugo lamang para sa mga Israelita, nagmakaawa muli siya, nagsasabing ito ay napakaliit at napakadaling bagay lamang, at ang kanyang anak ay gumaling. Isang *centurion* ang humiling kay Hesus na pagalingin ang kanyang tagapaglingkod. Kinikilala si Hesus bilang ang Hari at ang pinakamataas na awtoridad sa buong sansinukob, hiniling niya kay Hesus na huwag pumaroon sa kanyang bahay bagkus ay magsalita lamang, at gumaling ang kanyang tagapaglingkod. Ginagantimpalaan ng Diyos ang ganitong pananampalataya. Nagwika si Hesus sa atin na kung mayroon tayong pananampalataya na gaya ng binhi ng mustasa, walang imposible para sa atin. (Mateo 17:20)

Kukunin ko ang pagkukusa at ilalagay ko ang aking pananampalataya sa pagkilos.

RESOLUSYON 1


Nagpunta siya at binili ang pintura at pinsel. Isang araw na walang klase, nagpunta siya at pininturahan ang silid. Noong napansin ng guro, binati niya si Kip para sa pagkukusa na kanyang ipinakita. Matapos nito, bumuo sila ng grupo na magpapanatili sa silid at pinangalanan si Kip bilang ang pinuno.



GAWAIN 1

Nagkukusa

Gumawa ng listahan ng mga bagay na maaaring tumulong ang mga mag-aaral, tulad ng pagtulong sa kaklase sa mga papel o magligpit ng mga gamit pagkatapos ng gawain sa klase. Kapag nakita ang 2 o 3 bata na ginagawa ito, batiin sila. Hikayatin ang bawat isa na sila ay palakpakan. Banggitin na ang kanilang pagtulong ay nagpapakita ng kanilang pagkukusa na gawin ang mga bagay. Tanungin sila kung anong mga bagay ang nakikita nila sa kanilang mga bahay o paaralan at magsulat ng isang bagay na pwede silang makatulong at tanungin sila sa susunod na linggo kung ano ang mga ito.



TALAN NG PANAHOON 1


Gamit ang mga impormasyon mula sa mga tanong, idagdag si Eliseo sa talaan ng panahon.

Anong taon hinalinhan ni Eliseo si Elias? Sagot: Tinatayang sa taon na 850 B.C.

Anong taon namatay si Elias? Sagot: Tinatayang sa taon na 798 B.C.

MGA SAGOT SA PALAISIPAN 1





L	K	N	Y	S	A	I	L	E	W	M	H	S	E	G
A	P	A	G	L	I	L	I	N	G	K	O	D	T	U
B	S	G	M	U	H	O	W	K	M	A	L	A	Y	A
A	K	A	B	D	M	G	S	O	E	R	T	Y	W	B
L	G	A	Y	T	P	A	B	E	U	W	H	K	M	M
A	E	R	U	E	I	M	L	S	Y	A	R	U	E	A
B	W	A	D	I	Y	O	S	I	D	H	A	G	Y	S
Y	M	R	E	H	K	G	T	L	N	E	T	S	O	G
S	O	O	W	S	Y	E	K	E	M	G	L	D	P	A
A	Y	A	T	A	L	A	P	M	A	N	A	N	A	P



☀️ MGA TANONG AT MGA SAGOT 1

(Para sa mas nakatatandang mag-aaral)


1. Kailangan bang maghintay para tawagin ka ng Diyos BAGO pagsisimula ng isang mabuting gawain? Kung hindi, bakit?
Hayaang talakayin ng mga mag-aaral ang bagay na ito. Maaari ka bang maging isang misyonero nang hindi nakatanggap ng isang tukoy na tawag? Maaari ba tayong magbigay ng isang basong tubig sa isang mahirap na tao nang hindi tayo inuutusan ng Diyos? Hanggang saan tayo makakapagkusa sa mga bagay ng Diyos? Maaari mo bang ibenta ang iyong kotse at ibigay ang lahat sa isang ministeryo? Maaari mo bang ibenta ang bahay at maglakbay sa ibang bansa upang maglingkod nang walang isang tiyak na tawag?
2. Gaano kalayo ang pagsunod sa Salita ng Diyos sa Biblia? At kailan mahalaga na makatanggap ng isang tawag mula sa Diyos bukod sa kung ano ang nakasulat na sa Banal na Kasulatan?
3. Sa isang banda, dapat nating laging isagawa ang natutuhan natin sa Biblia na hinihiling ng Diyos na gawin natin. Mayroong isang kasabihan na mas madaling baguhin ang direksyon ng isang kotse kapag umaandar kaysa sa kung ito ay nakaparada. Mas mainam na magsimula at gumawa ng bagay para sa Diyos, at mula roon ay maaaring gabayan tayo ng Diyos. Sa kabilang dako, habang lumalago tayo tungo sa may gulang na Kristiyano, mas mainam na sundin ang Diyos sa anumang hinihiling sa atin na gawin o hindi gagawin. Isang bagay ay maaaring parang isang magandang ideya, ngunit maaaring nais ng Diyos na gawin ng ibang tao at maaaring magkaroon ng ibang bagay na gagawin mo. Habang lumalago ka, magsanay na umunawa kung magsasagawa ka ng isang hakbang sa iyong sarili o maghintay para sa mga tagubilin ng Diyos.
4. Anong uri ng pagkukusa ang gusto ng Diyos?
Sa mundo, gusto ng mga malalaking kumpanya ang mga boss na may pagkukusa. Nangangahulugan ito na kinukuha nila ang responsibilidad para sa kanilang posisyon at hindi naghihintay sa kaninuman na magsabi pa ng kailangan nilang gawin. Nag-iimbento sila para mapaghusay ang kanilang produkto. Ang mga empleyadong ginagawa lamang ang ipinag-uutos sa kanila at hindi gumagawa ng higit pa o nagkukusa ay mananatili lamang sa mababang posisyon at hindi aangat sa kumpanya. Pwede bang maging katulad ito para sa Diyos? Pwede kaya na maghanap ang Diyos ng mga 'empleyado' tulad ng kumpanya ng Pepsi, para sa iba't ibang antas depende sa pagkukusa at responsibilidad ng bawat tao?



LARO 1

Putukan ng Lobo

Upang maghanda, ipasok ang mga maliliit na piraso ng papel sa mga lobo at palobohin ang lobo. Gumamit ng 3 kulay ng mga papel upang ang puti ay nagkakahalaga ng 2 puntos, berde ay nagkakahalaga ng 4 na puntos, at ang asul ay nagkakahalaga ng 6 puntos. Maaari mong baguhin ang mga kulay kung kinakailangan. Upang laruin, hatiin ang klase sa mga koponan. Sa iyong senyas, ang mga bata ay tatakbo sa paligid at papuputukin ang mga lobo at iipunin ang maliit na papel. Ang koponan na may pinakamaraming puntos ay mananalo. Isaalang-alang ang paggantimpala sa nanalong koponan ng isang maliit na premyo.



PAGDALO 1

Ibigay ang kard ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin silang darating sa susunod na linggo upang makakuha ng isa pang kard upang makapaglaro sila ng laro ng Bayani! Ngayon ang kard:

Eliseo



TAKDANG ARALIN 1

Pumili ng isang may sapat na gulang sa linggong ito na maaari kang matuto at alukin ng tulong sa isang bagay nang hindi niya hiniling. Maaari itong maging isang pastor, isang guro, isang magulang, o isang taong iyong tinitingala na maaaring magturo sa iyo na sundin ang Diyos. Huwag ibalita sa iyong mga kaedad na gagawin mo ito, ngunit gawin mo lang ito.

Basahin

- Araw 1: 2 Mga Hari 4:8-13
- Araw 2: 2 Mga Hari 4:14-19
- Araw 3: 2 Mga Hari 4:20-26
- Araw 4: 2 Mga Hari 4:27-31
- Araw 5: 2 Mga Hari 4:32-37



2. TANGGAPIN ANG PAGPAPALA



Kwentong Biblia: Babaeng Sulamita
2 Mga Hari 4:8-37, 8:1-6

☀️ ISASAILONG BERSIKULO 2

Mga Taga-Efeso 3:20 “Ngayon sa makapangyarihang gumawa ng lubhang sagana ng higit sa lahat ng ating hinihingi o iniisip, ayon sa kapangyarihang gumagawa sa atin,”

☀️ KAILANGANG KWENTO 2

Nananalangin si Peppy para magkaroon ng mga gamit sa laboratoryo. Isang araw, nakita niya ang kanyang kapitbahay, isang matandang ginoo, na naglilinis ng bakuran sa labas ng kanyang bahay. Napakaraming damo sa bakuran, at inisip ni Peppy na magiging mahirap ito para sa kanyang kapitbahay na linisin ito mag-isa; Kay ngatanong siya kung maaari ba siyang tumulong at sumang-ayon naman ang matanda. Ginugol nila halos ang buong araw sa paglilinis ng bakuran at nang matapos sila, tinanong ng lalaki kung ano ang pinakagustong bagay ni Peppy. Sinabi ni Peppy na gusto niya ang mga eksperimentong pang-agham.



☀️ PANGUNAHING ARALIN 2

Maligayang pagbalik sa Mga Bayani ng Pananampalataya! Ngayon, makikita natin ang isang taong nagbigay ng magandang pagtanggap kay Eliseo, ang tao ng Diyos. Inimbitahan ng isang Sulamita kasama ang kanyang asawang lalaki si Eliseo sa kanilang bahay tuwing mapadadako siya sa kanilang lugar at ginawan pa siya ng sariling silid. Gumugol sila ng ilang oras, pera at pagsisikap na pagpalain si Eliseo nang ganoon. Nilinaw ni Hesus na mahal niya ang Kanyang mga tao at anuman ang ginagawa natin para sa Kanyang bayan, itinuturing Niya ito na parang ginawa natin para sa Kanya (Mateo 10:40-42). Ngunit hindi natin kailanman mahihigitan ang pagpapala ng Diyos! Anuman ang magagandang bagay na ginagawa mo para sa iba, gagawa ang Diyos ng higit pang mga bagay para sa iyo, ang ilan dito sa mundo at ang ilan ay nasa langit. Nagtayo sila ng isang silid para kay Eliseo, na kung saan ay lampas sa gagawin ng karamihang tao, ngunit mas maliit ito kaysa sa maraming paraan na pinagpala ng Diyos ang babaeng Sulamita! Lubos ang pasasalamat ni Eliseo na nagpropesiya siya na magkaroon siya ng isang anak na lalaki. Nag-atubili siyang maniwala na mangyayari ito at tanggapin ang pagpapala. Kapag pinagpapala tayo ng Diyos, kung minsan ay napakainam sa pakiramdam na mahirap tanggapin! Ngunit kung pinili ng Diyos na pagpalain ka, simpleng maniwala ka sa Diyos at tanggapin ito. Payagan ang Diyos na ipakita sa iyo kung gaano ka talaga Niya kamahal; at mahal na mahal ka Niya!

Makalipas ang ilang taon, isang araw ay namatay ang bata. Maaari siyang magkaroon ng kalungkutan noon at doon. Maaaring magalit siya sa Diyos sa lahat ng sakit sa sandaling iyon. Maaaring umiyak siya sa kanyang asawa. Sa halip, dumiretso siya kay Eliseo, humingi ng tulong sa Diyos. Sumama si Eliseo at nanalangin sa Diyos, at nabuhay ang bata! Nagtitiwala ka ba sa Diyos na alagaan ang mga biyayang



ibinigay sa iyo? Kapag nangyari ang masasamang bagay, hihingi ka ba ng tulong sa Diyos? Mahal na mahal ka niya! Nais niyang alagaan ka at pagpapalain ka sa parehong mabuting panahon at masama. Tulad ng babaeng Sulamita, pumunta muna sa Diyos at humingi ng tulong.

Binalaan ni Eliseo ang babaeng Sulamita na umalis sa bansa ng 7 taon dahil sa taggutom. Nang sila ay bumalik at nagtungo sa hari upang hilingin sa kanilang lupain, may isang kamangha-manghang nangyari. Noong pagpasok nila, ang tagapaglingkod ni Eliseo ay nagsasabi sa hari tungkol kay Eliseo, kasama na yaong noong binuhay niya ang batang Sulamita. Ginamit pa nga ng Diyos ang masamang bagay na nangyari upang magpatuloy na pagpalain siya sa buong buhay niya. Kung ang batang lalaki ay hindi namatay at nabuhay muli, walang magiging kapansin-pansin sa kwento. Tinanong siya ng hari tungkol dito pagkatapos siniguro na ang kanyang pamilya ay hindi lamang nakakuha ng kanyang lupain kundi pati na rin ang pera mula sa 7 taon ng mga ani mula sa lupain! Maaari kang magtiwala sa pag-ibig ng Diyos para sa iyo at tatanggapin ang Kanyang mga pagpapala para sa iyo.

Pinipili kong gumawa ng mabuti para sa iba at tinatanggap ang pagmamahal at pagpapala ng Diyos para sa akin.

RESOLUSYON 2

Kinabukasan, ang kapitbahay ni Peppy ay dumating sa kanyang bahay na may isang kahon at sinabing, "to ay para sa iyo. Buksan mo ito." "ang buksan ni Peppy ang kahon ay nakita niya na ito ay bagong kagamitan sa laboratoryo. Pagkatapos ay sinabi niya, "indi, hindi ko matatanggap ito!" "Sinabi ng kapitbahay, "inabi sa akin ng Panginoon na kunin ito para sa iyo bilang isang gantimpala sa ginawa mo para sa akin." "Sumagot si Peppy, "gunit ito ay napakalaking paraan! "inabi ng lalaki, "Ito ay iyo, ibinibigay ko sa iyo. "



GAWAIN 2

Mapaghandang mga kamay

Iguhit ang pareho ng iyong mga kamay sa isang piraso ng papel. Tiyaking nagdidikit sila. Gupitin ang balangkas ng mga kamay at itupi ito tulad ng isang maliit na booklet. Sa labas ng booklet, isusulat ng bata ang kanilang pangalan. Sa loob, sumulat ng mga ideya kung paano maging magiliw tulad ng babaeng Sulamita ay kasama ni Eliseo.



TALAAN NG PANAHOON 2



Sa anong taon ang tagpo sa pagitan ng babaeng Sulamita at Eliseo? Sagot: Humigit-kumulang sa taong 847 B.C.





MGA SAGOT SA PALAISIPAN 2

N	P	Y	O	E	S	I	L	E	H	P	W
A	A	A	L	A	P	A	P	G	A	P	Y
H	G	M	W	Y	A	H	U	B	T	A	K
I	L	T	A	N	G	G	A	P	I	N	M
N	U	U	K	T	I	W	A	L	A	A	O
A	K	L	P	O	A	K	T	Y	N	U	T
A	S	O	T	S	O	Y	I	D	A	H	U
G	A	N	D	I	L	I	S	O	K	I	G
M	T	G	A	L	A	M	I	H	P	N	G
P	A	G	T	A	N	G	G	A	P	S	A
K	H	W	G	I	B	I	G	A	P	Y	T



MGA TANONG AT MGA SAGOT 2

(Para sa mas nakatatandang mag-aaral)


1. Anu-anong mga bagay o sitwasyon ang maaaring maging mga nakakubling pagpapala?
Maaaring hindi tayo handa na tumanggap ng isang pagpapala mula sa Diyos, madalas dahil hindi natin nakikilala na ang isang bagay ay isang pagpapala. Halimbawa, kung magpasya ang ating mga magulang na lumipat kami sa ibang lungsod, ang buhay ay nagiging mahirap sa isang sandali sa bagong lugar. Ngunit paano kung nakatagpo mo ang iyong hinaharap na asawa sa bagong lungsod?
2. Bakit mas pinahalagahan ng Diyos ang ating espiritwal na buhay kaysa sa ating pisikal na buhay? Aling uri ng pagpapala ang mas ibinibigay ng Diyos, espiritwal o pisikal?
Para sa babaeng Sulamita, nagbigay ang Diyos ng isang halimbawa ng mga pagpapala sa pisikal. Ngunit ang ating espiritwal na buhay ay mas mahalaga kaysa sa ating pisikal na buhay. Ang mas mainam na mga pagpapala ay magiging para sa iyo bilang isang tao, hindi masyadong kinakailangang punan ang iyong tiyan. Halimbawa, ang labis na pagmamataas ay sisira sa atin para sa trabaho sa hinaharap.
3. Isang pagpapala ba kung ibinababa tayo ng Diyos? Oo!!!



LARO

Balibol ng lobo

Ang lahat ng mga bata ay nakaupo sa isang bilog na nakakrus ang kanilang mga binti. Sabihin sa mga bata na ngayon ay nakadikit na sila sa lupa at maaari lamang makagalaw sa kanilang torso at balikat. Itapon ang isang napalaking lobo sa gitna ng bilog. Ang mga bata ay dapat na ipasa ang lobo mula sa isang bata patungo sa isa pa sa pamamagitan ng paghampas nito tulad ng isang *overhead volleyball hit*. Kung hindi nasalo ng isang kalahok ang lobo, mawawalan sila ng kakayanang kumilos sa isang braso, kung gayon ang isa pa, pagkatapos ang kanilang torso, pagkatapos ay ang kanilang ulo hanggang sa ganap na sila ay nakatigil at tanggal na sa laro.



PAGDALO 2

Ibigay ang kard ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin silang darating sa susunod na linggo upang makakuha ng isa pang kard upang makapaglaro sila ng laro ng Bayani! Ngayon ang kard:

Mga Minor na Propeta



TAKDANG ARALIN 2

Maghanap ng isang paraan upang magawa ang isang bagay na maganda para sa isang tao sa linggong ito, tulad ng pagtulong sa iyong ina upang maghatid ng mga panauhin sa iyong bahay o pagbibigay ng isa sa iyong mga laruan. Gayundin, magmatyag sa linggong ito kung may ginagawa ang Diyos para sa iyo. Kung ang isang tao ay gumawa ng isang bagay na maganda para sa iyo sa linggong ito, pasalamatan sila nang wasto at pagkatapos ay pribado din magpasalamat sa Diyos, sapagkat Siya ang mapagkukunan ng lahat ng mabubuting bagay sa ating buhay.

Basahin

Araw 1: 2 Mga Hari 5:1-6

Araw 2: 2 Mga Hari 5:7-10

Araw 3: 2 Mga Hari 5:11-14

Araw 4: 2 Mga Hari 5:15-20

Araw 5: 2 Mga Hari 5:21-27



3. TUMALIMA NANG HINDI INUUNAWA



Kwentong Biblia: Naaman

2 Hari 5

ISINASAULONG BERSIKULO 3

Mga Kawikaan 3:5 "Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan;"

KAILANGANG KWENTO 3

Inanyayahan si Buzz sa isang palabas ng puppet, magiging kasiya-siya ito! Ang lahat ng kanyang mga kaibigan ay pupunta doon. Sa araw ng pagtatanghal, inihayag sa telebisyon na magpapalabas sila ng maraming pelikula kasama ang Bambi, na paborito ni Buzz. Pagkatapos ay naisip niya, "Hindi ko dapat makaligtaan ang mga pelikula, kahit na ang mga puppet ay nakakatuwa." Noong oras na upang magtungo sa presentasyon, ang mga kaibigan ni Buzz ay dumating para sa kanya.



PANGUNAHING ARALIN 3

Maligayang pagdating sa mga Bayani! Titingnan natin ang isang dakilang tao ngayon na natutong magpakumbaba at pahintulutan ang Diyos na magpasya kung paano ang dapat gawin. Si Naaman ay heneral ng Aram at lubos na tinitingala at nirerespeto ng lahat. Siya ay kilala at mahusay. Madaling asahan kung sikat ka at mahusay na pakikitunguhan ka ng Diyos bilang isang sikat na tao, ngunit ang Diyos ay hindi nagpapakita ng paboritismo. Si Naaman ay gumawa ng tamang mga hakbang patungo sa Diyos, isinantabi ang lahat ng kanyang inaasahan at sumunod sa Kanya. Si Naaman ay may ketong, isang kakila-kilabot na sakit sa balat. Sinabi ng batang babaeng tagapaglingkod ng kanyang asawa na dapat silang pumunta sa Israel kung saan may isang propeta ng Diyos. Maaaring hindi pansinin ni Naaman ang batang babae, ngunit sa halip ay nagpasya siyang makinig at kunin ang kanyang payo. Nagsasalita ang Diyos sa pamamagitan ng lahat ng uri ng tao, at kung ayaw man nating makinig sa mga sinasabi ng mundo na maliit at mahina (bagaman sa mga mata ng Diyos, pantay- pantay lang tayong lahat) kung gayon ay maaaring 'di natin makuha kung ano ang mayroon ang Diyos para sa atin. Sinunod ni Naaman ang payo niya at pumunta sa Israel upang humingi ng tulong sa Diyos. Muli, sa bahay ng propeta, inaasahan ni Naaman na tratuhin siya bilang isang mahalagang tao. Sa halip, si propetang Eliseo ay nagpadala ng isang mensahero upang sabihin sa kanya na maligo ng 7 beses sa ilog ng Jordan. Galit na galit si Naaman, ngunit nagpasya siyang makinig sa kanyang sariling mga lingkod at hinimok nila siya na sundin ang mga tagubilin ng propeta. Huwag hayaan ang iyong pagmamataas humadlang sa inyong paghabol sa Diyos. Sa Mga Kawikaan mababasa natin ang magtiwala sa Diyos sa halip na magtiwala sa ating sariling pang-unawa (Kawikaan 3:5). Ang ilog Jordan ay marumi. Isiping si Naaman na nakatayo doon sa tubig. Kasama sa baybay ay ang kanyang mga kamelyo na may ginto at kayamanan at lahat ng kanyang mga lingkod na nanonood sa kanya. Marahil ay tinutukso siya na huminto pagkatapos ng 5 o 6 na beses, at iniisip na isang kahangalan na gawin ito. Ngunit sa halip, ipinagpatuloy niya ang pagsunod sa mga tagubilin ng propeta at lumubog sa ilog ng 7 beses. Pagkatapos ay gumaling siya! Natuwa siya dahil



ang lahat ng mga bagay na tila hangal ay hindi na siya aabalahin pa. Kapag nakita mo ang ginagawa ng Diyos sa pamamagitan ng iyong pagsunod, lahat ng mga bagay na hindi makatuwiran ay hindi ka na aabalahin. Bumalik si Naaman upang pasalamat si Eliseo at ibigay sa kanya ang lahat ng mga regalo na inihanda niya. Ngunit pinili ni Eliseo na kumilos din sa pagpapakumbaba at tumanggi sa lahat ng mga regalo. Ang lingkod ni Eliseo na si Gehazi ay hindi pumili ng pagpapakumbaba ngunit sinunod ang kayamanan. Sa halip na mabuhay ng maligaya na may labis na kayamanan, si Gehazi ay nabuhay nang may ketong sa natitirang bahagi ng kanyang buhay dahil dito. Sinabi ni Jesus na magpakumbaba at hayaang itaas ka ng Diyos sa halip na itaas ang iyong sarili (Lucas 14:11). Si Naaman ay naging sikat sa isang maikling panahon sa lahat ng kanyang nagawa sa hukbo ng Aramean, ngunit sa libu-libong taon na siya ay sikat sa buong mundo para sa kanyang pagsunod sa Diyos.

Pinipili kong makinig at sumunod kahit hindi ito maunawaan.

RESOLUSYON 3


Sinabi sa kanila ni Buzz na hindi siya pupunta dahil mas kawili-wili ang mga pelikula. Matapos ipilit ang kanyang mga kaibigan, pumayag siyang pumunta. Sa pangyayaring iyon, tinanggap ni Buzz at ng kanyang mga kaibigan si Jesus sa kanilang mga puso at nagbago ang kanilang buhay! Ngayon masaya siya sa nangyari.



GAWAIN 3

Gawin ang sinasabi ko, hindi ang ginagawa ko

Ang lahat ng mga mag-aaral ay tumayo sa isang pangkat kasama ang guro na nakatayo sa harap. Ang guro ay nagsisimula na magbigay ng mga dapat gawin at tagubilin kung ano ang kanilang gagawin gaya ng paghawak ng iba't ibang bahagi ng kanilang katawan, tulad ng ilong, tuhod, buhok, atbp. habang hinahawakan ang ibang bahagi ng kanyang katawan. Halimbawa, sinabi ng guro na hawakan ang kanilang mga ulo habang hinawakan niya ang kanyang tuhod. Ang mga batang hindi nakasunod ay wala na sa laro at dapat nang umupo.



TALAN NG PANAHOON 3


Sa anong taon napagaling si Naaman sa kanyang ketong? Sagot: Humigit-kumulang sa taong 830 B.C.





SAGOT SA PALAISIPAN 3

G	B	Y	O	A	L	A	W	I	N	I	N	A	P
M	A	P	A	G	P	A	K	U	M	B	A	B	A
A	T	T	I	L	A	G	A	N	T	I	L	A	G
Y	A	K	W	T	P	O	G	I	L	A	N	G	M
S	N	A	E	J	O	M	K	G	T	W	E	Y	A
A	G	E	H	A	Z	I	A	O	N	J	B	O	M
K	B	P	Y	E	S	U	M	U	N	O	D	W	A
I	A	O	N	A	A	M	A	N	J	R	T	A	L
T	B	W	M	G	K	P	Y	E	W	D	P	E	A
K	A	R	A	M	D	A	M	A	N	A	G	K	K
O	E	S	I	L	E	J	G	O	A	N	E	Y	I
G	N	I	L	A	G	N	U	N	I	S	G	A	N



TANONG AT SAGOT 3

(Para sa mga nakatatandang estudyante)

- Gagantimpalaan ba talaga tayo ng Diyos para sa ating mga gawa dito sa mundo?
Minsan dahil sa kawalan ng pananampalataya, nakakaramdam tayo ng katamaran patungo sa mga pangako ng Diyos. Makita natin na ang mundo ay hindi makatarungan at ipinapalagay na ang langit ay magkapareho at nawalan tayo ng pagganyak para sa ating gawain dito sa mundo. Pag-usapan ang iba't ibang mga gantimpala at kung ano ang gagawin ng mga mag-aaral upang makuha ang mga gantimpala.
- Ano ang gagawin mo upang makatanggap ng isang bagong telepono? Para sa katuwaan, pag-usapan kung anong mga bagay na nais mong gawin. Hayaan silang mag-isip na marahil ay bibigyan tayo ng Diyos kahit na mga teknolohikal na premyo. Sinabi ng Diyos na ang langit at mga gantimpala ay mas maganda kaysa sa maaari nating isipin... kaya't sosorpresahin tayo ng Diyos ng mga gantimpala sa teknolohikal! Halimbawa, sa Guatemala gumawa sila ng isang paligsahan upang mapanalunan ang pinakabagong iPad. Ang mga kalahok ay kailangang gumawa ng isang matinding bagay upang marapat ang premyo. Ang isang batang babae ay kumain ng isang buhay na bulati at nakuha ito!! Yuuuck. Ano ang gagawin mo para sa Diyos?
- Kung hihilingin ka ng Diyos na gumawa ng isang bagay na hindi mo nais gawin, gagawin mo ba ito? Gagantimpalaan ba ito?
Alalahanin kung paano nagalit si Naaman nang ipadala siya ng propeta upang ipalubog sa ilog ng Jordan. Hindi niya alam sa oras na iyon na ang kanyang ketong ay maalís. Banggitin ang mga bagay na hindi mo nais na gawin, pagkatapos ay banggitin ang mga bagay na nais mo, tulad ng




isang bagong telepono o kapayapaan para sa iyong pamilya. Gagawin mo ba ang mga bagay na ayaw mong gawin kung makakamit mo ang mga bagay na gusto mo?

LARO 3

Paghahanap ng Kayamanan

Hatiin ang klase sa mga koponan at magkaroon ng isang bata bawat koponan na maglaro habang ang natitira ay mag-*cheer* para sa manlalaro ng kanilang koponan. Para sa bawat koponan, maghanda ng isang mangkok o balde na puno ng putik (o otmil o ilang iba pang *gross slime*). Mag-ingat na ang putik ay walang matulis na bagay upang hindi masaknan ang mga manlalaro. Sa bawat timba ng putik, itago ang parehong bilang ng mga *paperclip* o iba pang maliit na bagay bilang "kayamanan" at mga bato upang gawing patas para sa bawat koponan. Kapag sinabi mong "Go!" Ang bawat manlalaro ay maghahanap sa putik gamit ang kanilang kamay upang mahanap ang lahat ng mga *paperclip* na mahahanap nila sa loob ng 30 segundo. Bigyan ang mas bata na mga manlalaro ng mas maraming oras. Ipaliwanag sa mga bata na ang putik ay kumakatawan sa mga mahirap na sitwasyon, ang makintab na mga *paperclip* ay kumakatawan sa kayamanan ng isang malapit na kaugnayan sa Diyos, at ang mga bato ay kumakatawan sa pagpapatigas ng puso ng isang tao. Ito ang responsibilidad ng bawat isa na maghanap ng kayamanan at huwag hayaan ang sarili na maging masaklap.



PAGDALO 3

Ibigay ang kard ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin silang darating sa susunod na linggo upang makakuha ng isa pang kard upang makapaglaro sila ng laro ng Bayani! Ngayon ang kard:

Ketong



TAKDANG ARALIN 3

Makinig sa iyong mga nakababatang kapatid, mga nakababatang kapatid ng iyong kaibigan, o isang taong karaniwang hindi mo pinapansin. Subukang maunawaan ang kanilang punto ng pananaw. Kung itinuturo nila ang isang bagay na mali sa iyo o isang bagay na hindi sila komportable sayo, makinig sa kanila at baguhin ang iyong mga aksyon.

Basahin

Araw 1: 2 Mga hari 18:1-9
 Araw 2: 2 Mga Hari 20:1-6
 Araw 3: 2 Mga Hari 20:7-11
 Araw 4: Nehemias 1:1-6, 11
 Araw 5: Nehemias 2:1-5



4. GUMAWA NG ISANG BAGAY TUNGKOLDITO



Kwentong Biblia: Hesebias at Nehemias

2 Hari 18:1-8, 20:1-11, 2 Serye 29:1-19, 29:35-36, Nehemias 1:1-2:5

ISASAILONG BERSIKULO 4

Juan 15:15 “Hindi ko na kayo tatawaging mga alipin; sapagka't hindi nalalaman ng alipin kung ano ang ginagawa ng kaniyang panginoon: nguni't tinatawag ko kayong mga kaibigan; sapagka't ang lahat ng mga bagay na narinig ko sa aking Ama ay mga ipinakilala ko sa inyo.”

KAILANGANG KWENTO 4

Ang kalye sa harap ng bahay ni Comet ay nasa masamang kalagayan matapos ang pagulan at mayroong maraming butas. At dahil sa masamang kalagayan nito at sa mga butas siya ay hindi maaaring sumakay sa kanyang bisikleta upang siya ay hindi mahulog sa mga ito. Nagpasya siyang magtrabaho sa kalsada at punan ang lahat ng mga butas gamit ang mga bato at dumi. Dahil sa taglay niyang kasipagan nag-iwan naman ito ng dumi sa kanyang buhok at damit. Sinimulan ng mga bata sa kapitbahay ang panunukso at ginawa siyang katatawanan dahil sa kanyang *disheveled* na hitsura.



PANGUNAHING ARALIN 4

Ngayon ay titingnan natin ang dalawang Bayani ng Pananampalataya. Marami kaming natutunan kung paano sumunod sa Diyos at sundin ang Kanyang pamunuan at patuloy na habulin Siya. Itong lahat ay mga kamangha-manghang bagay na kailangan nating patuloy na gawin hanggang sa buong buhay natin. Ngunit ayaw ng Diyos na maghintay tayo sa Kanya at sabihin sa atin na gawin ang mga bagay sa lahat ng oras (Awit 32:9). Ni alinman sa dalawang bayani na tinitingnan natin ngayon ay narinig ang tinig ng Diyos o sinabihan na gawin ang kanilang ginawa. Pareho silang nakakita ng isang pangangailangan at nagpasya na gumawa ng isang bagay tungkol dito. Si Hesebias ay naging hari nang 25 taong gulang, at nakita niya kung paano tinanggihan ng Israel ang Diyos at hinayaang hindi maayos ang templo. Ginambala siya ng mga ito, kaya't nagpasya siya at pinangunahan ang mga tao na maglinis at ayusin ang templo. Nagpunta rin siya sa buong bansa at sinira ang lahat ng mga idolo, at sinabi sa mga tao na sambahin ang iisang tunay na Diyos. Pagkalipas ng maraming taon matapos ang Israel ay maitapon sa loob ng mahabang panahon, narinig ni Nehemias na ang pader ng Jerusalem ay napinsala at ang mga tao ay nahihiya. Siya ay hindi talaga isang pinuno, ngunit may nag-gambala sa kanya, at nagpasya siyang gumawa ng isang bagay tungkol dito. Matapos manalangin at mag-ayuno at paghahanap sa Diyos, hiniling niya sa hari ng Persia ang pahintulot at mga probisyon upang pumunta sa Jerusalem upang ayusin ang pader. Tinipon niya ang lahat ng mga Israelita na naninirahan sa Jerusalem at inayos ang muling pagtatayo ng pader, sa kabila ng pagsalungat mula sa mga kalapit na tao. At sinabi ni Jesus na nais Niyang mahal natin ang



bawat isa at, tulad ng mga kaibigan na alam ang Kanyang gawain, ipinagkatiwala niya sa atin na ituloy ang kabutihan para sa Kanyang bayan (Juan 15: 12-17) Sa ibang araw, kung hindi pa, maaari kang magsimulang magkaroon ng isang panaginip. Maaaring may ilang kawalan ng katarungan sa mundo, isang bagay na nawawala sa simbahan, mga taong nasasaktan sa mga lansangan, mga bata na nangangailangan ng mga tahanan at pamilya, mga taong hindi naririnig ang tungkol sa ating kahanga-hanga at mapagmahal na Diyos, o mga taong nangangailangan ng tulong. Ano ang nakakaambala sa iyo? Ano ang nagpapaiyak sa iyo o nagpapanatili sa iyo sa gabi at isipin ang mga ito? Marahil ay hindi lamang ito nakakaambala sa iyo, ngunit binabalisa nito ang Diyos at inaanyayahan ka niyang sumali sa Kanyang gawain. Huwag lamang maghintay ng mga tagubilin, kahit na dapat mong sundin ang Diyos kung sinabi Niya sa iyo na maghintay. Kung hindi, simulan ang pagdarasal tungkol dito. Humingi sa kanya ng pagsasanay na kailangan mo at para sa tulong at gabay sa proyekto. Maghanap ng mga taong gumagawa ng isang bagay tungkol dito at maghanap ng mga paraan upang sumali sa kanila. Kung walang gumagawa ng anumang bagay tungkol dito, kailangang simulan mo at ikaw ang gumawa ng paraan. Huwag mong hintayin hanggang sa makaramdam ka na ikaw ay handa na dahil hindi mo maaaring pakiramdaman na ikaw ay handa nang ganap. At huwag isipin na hindi ka magagamit ng Diyos ngayon kahit ikaw ay isang bata pa (1 Timoteo 4:12). Huwag mag-alala tungkol sa kung ano ang hindi mo magagawa; hanapin kung ano ang MAAARI mong gawin at magsimula kaagad! Pinili kong humingi ng tulong sa Diyos pagkatapos ay gumawa ng isang bagay tungkol sa mga bagay sa mundo na nakakagambala sa akin.

RESOLUSYON 4


Patuloy na nagtrabaho si Comet sa kalsada hanggang ito ay natapos, hindi niya pinansin ang panunukso mula sa mga kapitbahay. Ngayon hindi lamang siya ang maaari ngunit ang buong kapitbahayan ay maaaring gumamit ng kalsada nang mabuti nang walang mga problema mula sa lahat ng mga butas.



GAWAIN 4

Kawalang-katarungan

Ginawa na ba ng bawat isa ang umupo ng pabilog at inisip ang tungkol sa mga hindi patas na bagay na nangyayari sa paaralan, tulad ng isang bata na palaging nang-gagambala sa iba, o kapag kinuha ng isang tao ang iyong mga kagamitan nang walang pahintulot. Hayaan ang bata na magsalita sa isang bagay kahit na ito ay paulit-ulit. Ngayon talakayin kung ano ang gagawin tungkol dito, tulad ng pagsasabi sa isang guro o isang magulang, na mananalangin sa Diyos para sa tulong, o pagpapakita ng awa sa iba tulad ng ipinakita sa iyo ng Diyos ng awa sa iyong mga kasalanan.



TALAN NG PANAHON 4

Sa anong taon nagsimulang maghari si Hesebias? Sagot: Humigit-kumulang sa taong 715 B.C.

Sa anong taon namatay si Hesebias? Sagot: Tinatayang sa taon na 686 B.C.

Sa anong taon namatay si Ezechias? Sagot: Sa taong 686 B.C. humigit-kumulang





SAGOT SA PALAISIPAN 4

TOTOO O MALI

Bilugan ang pigurang ito kung totoo at ang pigurang ito kung mali.

1. Naging hari si Hesekias sa edad 20.
2. Muling tinayo ni Nehemias ang pader ng Herusalem nang mag-isa.
3. Maaari kang manganang gawin ang isang bagay kahit walang nagsasabi sa iyo.
4. Pinagharian ni Hesekias ang bayan ng Israel.
5. Nang makaramdam ng kabagabagan si Nehemias nang malaman niya ang pagguho ng pader, namuhay siya sa Persia.

N	O	Y	A	T	I	G	N	I	L	U	M	G	E	H
E	A	T	I	L	E	A	R	S	I	A	G	M	P	N
M	G	E	I	N	I	H	A	S	I	N	A	G	R	O
B	N	M	G	A	G	U	H	O	O	Y	E	A	O	Y
I	B	P	A	D	E	R	M	P	S	G	U	B	B	S
N	Y	L	I	H	U	N	B	E	I	B	L	A	I	I
A	P	O	N	D	I	I	Y	L	M	H	I	Y	S	S
G	H	M	T	S	A	R	H	T	R	N	D	A	Y	O
N	U	T	U	G	S	A	I	M	E	H	E	N	O	P
A	L	Y	S	B	P	H	Y	D	P	U	R	I	N	O
P	A	N	A	N	A	M	P	A	L	A	T	A	Y	A



MGA TANONG AT MGA SAGOT 4

(Para sa mas nakatatandang Mag-aaral)


- May nakita ba kayong isang bagay sa iyong pamayanan o paaralan na mali? Anong pwede mong gawin?
(Ang layunin dito ay upang pag-usapan ang tungkol sa mga kawalan ng katarungan sa kanilang paligid, at mga bagay na magagawa nila mismo upang maibalik ang situwasyon.) Isang batang lalaki na nahahirapan dahil sa panunukso sa paaralan, isa pang batang babae na hindi kailanman nagkakaroon ng pagkain, o ang isang ama na sinasaktan ang kanyang anak araw-araw . Pag-usapan kung ano ang magagawa nila tungkol dito.
- Si Ezechias at Nehemias ba ang nanguna, o sila ay simpleng sumunod sa Diyos? Subukan na magkaroon ng isang argumento, at huwag lamang sabihin oo o hindi. Sa 2 kaso ng aralin, makikita mo na nakakita sila ng problema sa kanilang mga mata at nagpasya na gumawa ng isang bagay upang iwasto ito. Wala namang nakatanggap ng utos mula sa Diyos, maliban sa nakasulat na sa Biblia. Nagpasimula sila at nakamit ang isang bagay na maganda para sa Diyos.
- Dapat ba akong makisali sa gawain at problema ng ibang tao?
Pag-usapan kung ano ito upang maging isang responsableng tao, na hindi natin kailanman makita ang ating mga pangangailangan lamang. Maaari mo ring gamitin ang kwento ng Samaritan na huminto upang makatulong sa halip na dumaan lamang.



LARO 4

Residente sa bahay

Hatiin ang mga bata sa mga pangkat ng 3. Ang dalawang bata sa bawat pangkat ay bumubuo ng isang bahay na may kanilang mga katawan na bumubuo ng dalawang pader at kanilang mga bisig at magkakasamang bumubuo sa bubong. Ang ikatlong bata ay nakapasok sa loob ng "bahay" at naging residente. Kapag sumigaw ang guro, "residente!" ang residente ay kailangang umalis sa kanilang mga bahay at tumakbo upang maghanap ng iba pang mga bahay. Kapag sumigaw ang guro, "Bahay!" Ang lahat ng mga bata na bumubuo ng mga bahay ay tatakbo upang bumuo ng bahay sa paligid ng iba't ibang mga residente.



PAGDALO 4

Ibigay ang kard ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin silang darating sa susunod na linggo upang makakuha ng isa pang kard upang makapaglaro sila ng laro ng Bayani! Ngayon ang kard:

Nehemias



TAKDANG ARALIN 4

Tingnan ang mundo ngayong linggo at maghanap ng isang bagay na nakakagambala sa iyo. Manalangin para sa Diyos na tulungan ang mga taong kasangkot, nananalangin para sa hustisya, kapayapaan, at pag-ibig. Pagkatapos ay tumingin ka sa paligid sa paraan na makakatulong ka, tulad ng pag-sasalita tungkol sa isang bagay na ginawa ng Diyos para sa iyo kamakailan, pagbibigay ng iyong pera sa isang samahan, pagbibigay ng isa sa iyong mga pag-aari, o pagtatanggol sa isang tao sa palaruan.

Basahin

Araw 1: Esther 2:17-23

Araw 2: Esther 3:1-9

Araw 3: Esther 4:1-3, 12-17

Araw 4: Esther 5:1-8

Araw 5: Esther 5:9-14



5. HARAPIN ANG MGA PANGANIB



Kwentong Bibliya: Esther

Esther 2-8

ISASAILONG BERSIKULO 5

I Mga Taga-Corinto 15:58 "Kaya nga, mga kapatid kong minamahal, kayo'y magsitatag, huwag makilos, na laging sumasagana sa gawa ng Panginoon, yamang nalalaman ninyo na hindi walang kabuluhan ang inyong gawa sa Panginoon."

KAILANGANG KWENTO 5

Hayaan silang pag-usapan ang bagay na ito. Mga halimbawa: pagpapalit ng major sa paaralan, pag-iwan ng kasintahang lalaki o kasintahang babae, pagiging nasa isang maliit na simbahan, paglipat sa ibang lungsod upang manirahan kasama ng tiyuhin upang mag-aral sa ibang paaralan, pag-iwan sa mga kaibigan, atbp.
- Kailangan ko bang mahalín ang lahat?
Pag-usapan ang iba't ibang taong mahirap mahalín, at kung ito ay isang uri ng halaga na dapat nating bayaran.
- Ano ang nais ng Diyos sa akin?
Pag-usapan ang iba't ibang mga layunin ng Diyos para sa atin. Ang ilan ay maaaring makatulong



sa mundo sa pamamagitan ng kanilang mga propesyon bilang mga accountant, doktor, guro, atbp. Ang iba ay maaaring pumasok sa isang full-time na paglilingkod, tulad ng mga pastor, misionero, o tagapamahala sa non-profit ministry, atbp. Pag-usapan ang pagkakaiba sa pagitan ng pagbibigay lamang sa Diyos ng iyong karera kumpara sa pagbibigay sa Diyos ng iyong puso, na humahantong sa pagbibigay sa Diyos ng iyong karera pati na rin ng bawat bahagi ng iyong buhay.

PALARO 9

Huwag Tumawa!

Hatiin ang klase ang mga pares. Isang bata sa bawat pares ang susubok na magpatawa sa isa pang bata. Ang tanging panuntunan ay hindi nila dapat mahawakan ang isa pang bata. Bigyan sila ng 30 segundo para sa round na iyon, at ang sinumang bata na hindi tumawa ay panalo sa round na iyon. Pagpalitin ang mga bata ng tungkulin at muling maglaro.



PAGDALO 9

Ibigay ang kard ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin silang darating sa susunod na linggo upang makakuha ng isa pang kard upang makapaglaro sila ng laro ng Bayani! Ngayon ang kard:

Basahin ang Salita



ARALING-BAHAY 9

Gumuhit ng larawan ng langit ngayong linggo. Isipin ang lahat ng iyong mga paboritong bagay sa mundo: pamilya, mga laruan, damit, alagang hayop, magagandang kotse, kalangitan, bulaklak, atbp. Ipinangako ng Diyos na gagawa Siya ng mga bagong langit at isang bagong lupa (Isaias 65:17). Ang parehong malikhaing Diyos na gumawa ng masaya at kamangha-manghang mundong ito ay gumagawa ng isang mas mainam rito! Lahat ng magagandang bagay ay naroroon at wala ang mga masasamang bagay. Ilagay ang iginuhit mong larawan sa pader sa iyong silid upang maalala mo ito at isipin ito, lalo na kapag ang mga malungkot na panahon ay dumating.

Basahin

- Araw 1: Daniel 4:1-8
- Araw 2: Daniel 4:9-18
- Araw 3: Daniel 4:19-27
- Araw 4: Daniel 4:28-33
- Araw 5: Daniel 4:34-37



10. IPAKUMBABA ANG SARILI

10



Kuwentong Biblia: Nabucodonosor

Daniel 4

BERSIKULONG ISASULO 10

I Mga Taga-Corinto 4:7 “Sapagka't sino ang gumawa na ikaw ay matangi? at anong nasa iyo na hindi mo tinanggap? nguni't kung tinanggap mo, ay bakit mo ipinagmamapuri na tulad sa hindi mo tinanggap?”

KAILANGANG KUWENTO 10

Ginugol ni Comet ng ilang linggo na ipinagyayabang at ipinagmamalaki ang tungkol sa kanyang buhok at kung gaano kabilis ang pagtakbo niya. Nabahala rito ang kanyang mga kamag-aral, at tinawag ng guro ang kanyang pansin at sinabi sa kanya na ang ginagawa niya ay hindi maganda at kailangan niyang magpakumbaba. Hindi nais sundin ni Comet ang babalang ito.



PANGUNAHING ARALIN 10

Ngayon sa mga Bayani ng Pananampalataya, titingnan natin ang isang dakilang hari at kung paano siya ibinaba ng Diyos. Si Haring Nabucodonosor ng Babilonya ay nagkaroon ng isang kakila-kilabot na panaginip at hiniling ang isang tao ng Diyos na nanggangalang Daniel na bigyang kahulugan ito para sa kanya. Mas matutunan natin ang tungkol kay Daniel sa susunod. Ang kahulugan ay yaong ang hari ay mahihibang at mawawala sa pag-iisip at maninirahan sa labas tulad ng isang hayop na kumakain ng damo. Pagkalipas ng isang taon, ipinagmalaki ni Haring Nabucodonosor na itinayo niya ang dakilang lungsod ng Babilonia para sa kanyang sariling kamahalan. Kapag ginamit ka ng Diyos upang gumawa ng mga 'cool' na bagay sa iyong buhay, laging madaling tumingin sa mga kamangha-manghang bagay sa paligid na ginagawa ng Diyos sa pamamagitan natin at kalimutan na ang lahat ay nagmula sa Diyos. Ang katotohanan ay walang isa man sa atin ang mas mainam kaysa sa iba, sapagkat ang lahat ng mayroon tayo - mga kaloob, talento, kakayahan, pagsasanay sa ating paglaki, at mga pagkakataon sa ating buhay - lahat ay nagmula sa Diyos (1 Corinto 4: 7). Sinabi rin ni Hesus na wala tayong magagawang mabuti kung wala Siya (Juan 15: 5). Ang Diyos ang siyang naglagay kay Nabucodonosor bilang hari, at madali lamang sa Kanya na maglagay ng ibang tao bilang hari. Ang Diyos ang nagpapasiya kung anong mga 'cool' na bagay ang gagawin niya sa iyong buhay, at madali Niya rin itong magagawa sa ibang tao. Sa sandaling nagmalaki si haring Nabucodonosor, nawala siya sa kanyang pag-iisip tulad ng kanyang panaginip at nanirahan sa labas tulad ng mga hayop at kumain ng damo. Natagal siya doon hanggang sa ang buhok ng kanyang ulo ay nagmukhang mga balahibo at ang kanyang mga kuko ay humaba tulad ng mga kuko ng isang ibon. Isipin kung gaano kabagal humaba ang iyong mga kuko. Lyon ay isang mahabang panahon! Pagkatapos ay tumingin sa langit si haring Nabucodonosor at nakilala na ang Diyos ang namamahala sa lahat, at ibinalik siya ng Diyos sa kanyang kaharian at ginawa siyang mas makapangyarihan. Ngunit hindi mo na kailangang patagalin pa upang ipakumbaba ang iyong sarili. Lahat tayo ay makasalanan, at ang pagmamataas ay isa sa mga kasalanang madaling magawa, lalo na kung ginagawa ng Diyos ang mga cool



na bagay sa pamamagitan mo! Kahit na tinutukso ka araw-araw, gawin ang iyong makakaya upang tumingin sa langit at kilalanin na ang bawat mabuting bagay na mayroon ka ay isang kaloob mula sa Diyos (Santiago 1:17). Maaari kang humingi ng tulong sa Diyos, dahil mahal ka niya at ang pinakamainam ang nais Niya para sa iyo. Tutulungan ka ng Diyos na manatiling mapagpakumbaba.

Iminungkahi din ni Daniel ang isang bagay sa hari na makakatulong sa atin na magpakumbaba. Sinabi ni Daniel na mahing mabuti sa mga naaapi. Mahirap magmalaki kapag abala ka sa pag-iisip tungkol sa kung paano makakatulong sa ibang tao. Maaari kang tumingin sa iyong mga kapatid kay Kristo at makilala ang mga cool na bagay na ginagawa ng Diyos sa pamamagitan din nila, hindi inihahambing ang iyong sarili sa kanila kundi hinihikayat sila at nagdiriwang kasama nila. Binigyan tayong lahat ng Diyos ng magkakaibang mga kaloob (1 Corinto 12: 4-6), at gagawa ang Diyos ng mga 'cool' na bagay sa pamamagutan nating lahat, sa anumang paraan na nais Niya.

Pinipili kong magpakumbaba at kilalanin ang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos sa aking buhay.

PAGPAPASIYA 10

Isang araw, bago dumating sa paaralan ay nagsimulang umulan nang malakas, at ginawa ni Comet ang anumang bagay upang maprotektahan ang kanyang sarili mula sa ulan, at hindi siya maaaring tumakbo nang mabilis upang maiwasan ang pagkagulo ng kanyang buhok. Nang pumasok siya sa silid, lahat ay nagtawanan sa kanya dahil sa kanyang hitsura. Sobrang napahiya siya. Pagkatapos ay humingi siya ng tawad sa kanyang mga kasama at guro at hindi na muling ipinagmamalaki ang tungkol sa kanyang buhok o pagtakbo.



GAWAIN 10

I-akto ang Larawan

Hatiin ang klase sa mga grupo at bigyan ng larawan ang bawat grupo. Susuriin ng grupo ang larawan, susubukang hulaan kung ano ang nangyari bago at pagkatapos kuhanin ang larawan. Bigyan sila ng ilang minuto upang maghanda. Ang bawat grupo ay magtatanghal sa harap, iniaakto ang larawan. Ang grupo na may pinakamahusay na pagtatanghal ang panalo.



TIMELINE 10


Sa anong taon nawala sa pag-iisip si Haring Nabucodonosor? Sagot: Humigit-kumulang sa taong 570 B.C.





MGA SAGOT SA PALAISIPAN 10

Y	U	A	R	T	W	M	I	K	L	E	I	N	A	D	O	M	A	E
G	I	N	O	Y	S	A	T	E	R	P	R	E	T	N	I	U	I	A
A	K	E	M	D	P	I	N	I	G	A	N	A	P	A	R	Y	N	W
S	A	A	T	A	M	A	M	G	A	P	T	I	D	Y	G	K	O	D
U	L	O	A	Y	R	P	N	A	T	I	A	B	A	K	O	I	L	S
R	A	W	T	O	R	I	D	A	D	E	Y	G	M	T	A	P	I	G
A	M	G	E	U	D	M	T	R	A	I	U	K	O	Y	P	A	B	U
P	A	N	G	I	T	A	I	N	W	M	O	D	P	R	K	A	A	T
A	M	T	Y	M	P	W	M	A	P	A	G	K	U	M	B	A	B	A
R	G	N	A	B	A	Y	A	Y	G	A	N	E	M	W	R	N	Y	I
H	A	R	I	N	G	N	E	B	U	K	A	D	N	E	Z	Z	A	R
M	N	O	U	Y	R	G	G	N	A	S	A	T	A	Y	P	Y	N	Y



☀️ MGA TANONG AT SAGOT 10

(Para sa mga Mas Nakatatandang Mag-aaral)


1. Bakit hindi natin masasabi na nakamit natin ang lahat sa ating sariling lakas? Sapagkat ito ay pagmamataas, at ang Diyos ay laban sa mga mapagmataas.
2. Paano magiging mabuti para sa akin ang pagpapakumbaba? Sapagkat habang mapagpakumbaba tayo, tutulungan tayo ng Diyos. Kapag iniisip natin na perpekto tayo at nakamit natin ang lahat sa ating sarili lamang, ang Diyos ay laban sa atin!
3. Kung hindi ko nakamit o nakuha ang mayroon ako, sino ang gumawa? Nais ng Diyos na kilalanin natin na Siya at marahil ang iba ay tumulong sa atin. Lahat ng mga kaloob at kakayahan na mayroon tayo ay ibinigay sa atin ng Diyos. Pinakain tayo ng ating mga magulang, tinulungan tayong pumasok sa paaralan, atbp. Ang ibang mga tao ay lumahok din sa ating buhay. Binubuksan ng Diyos ang mga pintuan para sa atin, pinoprotektahan tayo mula sa kasamaan, at dapat nating kilalanin na lahat ng kung ano tayo ay dahil tinulungan tayo ng Diyos.



PALARO 10

Tumakas!

Bumuo ng mga grupo na may 5 mga bata. Sa mga iyon, 4 na mga bata ang maghahawak ng kamay pabilog, ikukulong ang ika-5 na bata sa gitna. Ang bata sa gitna ay may 1 minuto upang subukang lumabas sa kanyang bilog. Matapos ang bawat round, ang mga bata sa kanilang grupo ay magpapalit ng mga posisyon at ibang bata naman ang susubok na makalabas sa bilog. Ang mga bata na nakatakas sa kanilang mga bilog ng maraming beses ang panalo.



PAGDALO 10

Ibigay ang kard ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin silang darating sa susunod na linggo upang makakuha ng isa pang kard upang makapaglaro sila ng laro ng Bayani! Ngayon ang kard:

Nahulog na Puno



GAWAING-BAHAY 10

Isipin ang mga pagkakataong nataglay mo at ang magagandang bagay sa iyong buhay. Pasalamatn mo ang Diyos dahil sa kanila. Pagkatapos ay isipin ang tungkol sa isang taong papalit sa iyo, tulad ng isang mas bata na mag-aaral na papalit sa iyong klase sa susunod na taon, at manalangin para sa kanila at hilingin sa Diyos na pagpalain sila sa posisyon na iyon at gumawa din ng mabubuting bagay sa kanilang buhay.

Basahin

- Araw 1: Daniel 6:1-5
- Araw 2: Daniel 6:6-9
- Araw 3: Daniel 6:10-14
- Araw 4: Daniel 6:15-20
- Araw 5: Daniel 6:21-28





11. PANANAMPALATAYA MUNA



Kuwentong Biblia: Daniel
Daniel 1, 6, 9:20-23

BERSIKULONG ISASAILO 11

I Pedro 2:12 “Na kayo’y mangagkaroon ng timtimang ugali sa gitna ng mga Gentil; upang, sa mga bagay na ipinagsasalita nila laban sa inyong tulad sa nagsisigawa ng masama, dahil sa inyong mabubuting gawa na kanilang nakikita, ay purihin nila ang Dios sa araw ng pagdalaw.”

KAILANGANG KUWENTO 11


Isang araw dumating ang tatay ni Peppy na malungkot. Sinabi niya sa kanila na nakita ng kanyang tagapamahala ang Biblia sa kanyang mesa at pinagsabihan siya dahil dito. Sinabi niya sa kanya na ang mga gayong bagay ay hindi dapat nasa trabaho at na ayaw niya na itong makita sa opisina kahit kailan o marinig siyang nagkukuwento sa sinumang nasa opisina tungkol sa Biblia. Pinagbantaan siya na mawawalan siya ng trabaho, kahit na hindi siya kailanman nahuli at palaging gumagawa ng mahusay na trabaho. Nagsimulang manalangin si Peppy at ang kanyang buong pamilya para sa sitwasyong ito dahil sa palagay nila ay hindi ito makatarungan, at nais nilang mapanatili ang Diyos bilang pinakamahalagang bagay sa kanilang buhay.



PANGUNAHING ARALIN 11

Ngayon sa mga Bayani ng Pananampalataya, titingnan natin ang isang tao na lubos na pinahahalagahan ng Diyos. Wow, anong papuri! Tingnan natin kung paano gumawa si Daniel nang masigasig sa lahat ng bagay ngunit inuuna pa rin ang kanyang pananampalataya.

Si Daniel ay bata pa nang sinakop ng mga taga-Babilonya ang Jerusalem. Dinala nila siya at ang kanyang mga kaibigan na una nating nakilala sa Babilonya upang pag-aralan ang kultura ng nito at pagkatapos ay magtrabaho para sa hari sa pangangasiwa at pamahalaan. Sa oras ng pagsasanay, pinayagan ni Daniel at ng kanyang mga kaibigan na baguhin ang kanilang mga pangalan at dalhin sila. Ngunit hindi nila pinayagang baguhin ang kanilang pagkain. Hindi sinabi sa atin ng Biblia kung bakit. Marahil ang pagkain ay inihain sa mga diyus-diyosan, o inihanda sa isang paraan na salungat sa kanilang kautusan, o maaaring mayroon itong mga karne na tinatawag na marumi ng kanilang kautusan. Sa anumang kadahilanan, pinili ni Daniel na unahin ang kanyang pananampalataya. Nang maglaon, mas malusog siya sa kabila ng mga paghihigpit sa pagkain, at binigyan siya ng Diyos at ang kanyang mga kaibigan ng karunungan at pag-unawa nang higt sa iba. Si Daniel ay nagbigay-kahulugan ng mga panaginip at masigasig na nagtrabaho nang masigasig para sa hari kada hari sa Babilonya at pagkatapos ay sa mga emperyo ng Medes at Persia.





Pagkalipas ng maraming taon, naglingkod si Daniel sa bagong haring Darius. Ginawa niya nang maayos ang kanyang trabaho kaya pinlano ni Darius na siya ang mangasiwa sa lahat ng mga lalawigan ng buong emperyo. Nagselos ang ibang mga opisyal at naghanap ng paraan upang ibagsak siya. Ngunit wala silang makitang masama sa kanyang asal! Sinabihan tayong gawin ang parehong bagay, na mamuhay nang maayos upang ang mga tao sa paligid natin ay purihin ang Diyos dahil sa ating pamumuhay (1 Pedro 2:12). Ang tanging paraan na nahanap nila upang ibagsak siya ay ang kanyang pananampalataya, sapagkat palaging inuuna ni Daniel ang kanyang pananampalataya. Nagpalabas sila ng isang utos na nagbabawal na manalangin sa Diyos, at ganap na hindi ito pinansin ni Daniel. Sinubukan ng hari na iligtas siya, ngunit dahil napakahigpit ng kautusan, napilitan ang hari na ipatapon si Daniel sa yungib ng leon. Ngunit muli, ni Daniel ang Diyos sa loob ng yungib ng leon at sinara ng isang anghel ang mga bibig ng mga leon, kaya hindi nila siya kinain. Kinaumagahan, natagpuan ni haring Dario si Daniel na ligtas at buhay at inilabas siya sa yungib. Ang mga kaaway ni Daniel ay itinapon sa yungib at kinain agad. Pagkatapos pinuri ni Dario ang Diyos.

Hiniling ni Hesus na unahin natin ang ating pananampalataya, o sa kaya ay unahin natin Siya sa lahat ng mga bagay. Ngunit madalas, tulad ng mga Fariseo sa panahon ni Hesus, madali nating isipin na kung gagawin natin ang lahat ng tamang "mga bagay na may kinalaman sa simbahan," ayos ng pakitunguhan ng masama ang iba. Ngunit ito ay nagpapalungkot kay Hesus nang labis (Mateo 23:23). Mahal ng Diyos ang lahat ng tao, at nagmamalasakit Siya kung paano natin sila pakitunguhan. Hindi mo maaaring isipin na wasto ka sa Diyos kung hindi mo pa pinatawad ang iba (Mateo 6:15). At hindi mo maaaring purihin ang Diyos at sumpain ang mga taong mahal Niya (Santiago 3: 9-12). Ang Diyos ay nagmamalasakit sa iyong ginagawa sa loob at labas ng simbahan, at maaari nating Siyang paglingkuran sa pamamagitan ng pakikitungo ng mabuti sa iba at paggawa ng mainam sa lahat ng ginagawa natin (Colosas 3:17). Pagkatapos, kung dumating ang isang sandali na dapat kang pumili sa pagitan ng Diyos o iba, unahin mo ang Diyos.

Pinipili kong unahin ang Diyos, kinikilala na nagmamalasakit Siya kung paano ko rin pakitunguhan ang iba.

PAGPAPASIYA 11

Isang araw ang superbisor (ang amo ng tagapamahala) ay pumasok sa opisina at nakita ang Biblia sa mesa ng tatay ni Peppy. Sinabi niya na natutuwa siyang basahin ang Biblia at binati ang tatay ni Peppy para dito. Ang lahat ng nasa opisina ay narinig ang tungkol dito, at ang tatay ni Peppy ay hindi na nagkaroon ng anumang problema pagkatapos nito. Kahit ang ilang mga kasamahan ay hindi na natakot at sinimulang makipag-usap sa kanya at nagtanong sa kanya tungkol sa kanyang pananampalataya. Napagtanto ng pamilya ni Peppy na binago ng Diyos ang sitwasyon at sinagot ang kanilang panalangin at tinulungan sila dahil sa pag-una sa kanilang pananampalataya sa Diyos.






GAWAIN 11

Bulag na manok

Para sa gawaing ito, hatiin ang mga batang lalaki at babae upang maglaro nang hiwalay. Pumili ng isang bata mula sa bawat grupo na pipiringan. Ang iba pang mga bata ay bubuo ng isang bilog kasama ang nakapiring na bata sa gitna. Itakda ang mga hangganan para sa laro sa iyong silid-aralan. Hahanapin ng batang nakapiring ang iba pang mga bata at dapat nilang hulaan kung sino ito sa pamamagitan lamang ng pagsalat sa kanila




TIMELINE 11

Sa anong taon itinapon si Daniel at nailigtas mula sa yungib ng mga leon? Sagot: Humigit-kumulang sa taong 540 B.C.

MGA SAGOT SA PALAISIPAN 11

E	G	N	A	Y	S	N	A	T	S	U	S	A	M	K
N	N	A	G	N	U	N	U	R	A	K	I	B	A	O
O	A	I	N	O	L	I	B	A	B	A	U	M	G	I
Y	G	U	A	S	U	R	A	P	K	B	N	A	L	R
S	I	D	K	L	E	O	B	N	P	A	D	S	I	A
K	S	O	U	I	P	Y	D	L	S	T	O	G	N	D
E	A	N	L	B	N	I	A	K	G	A	P	A	G	G
T	G	K	U	D	O	I	K	U	P	A	E	P	K	N
O	I	E	N	Y	E	S	L	E	I	N	A	D	O	I
R	S	P	G	U	L	B	I	O	S	O	Y	I	D	R
P	A	N	A	N	A	M	P	A	L	A	T	A	Y	A
I	K	L	N	I	G	N	A	L	A	N	A	P	E	H

#	"	%	\$	&	=	?	;	-	:
35	20	30	27	40	30	23	27	23	25



MGA TANONG AT SAGOT 11

(Para sa mga Mas Nakatatandang Mag-aaral)

1. Naniniwala ka ba talaga na mayroong isang Diyos, isang langit, impiyerno, at sa isang araw ang bawat isa sa atin ay pupunta sa langit o impiyerno sa kawalang hanggan? Pag-usapan ninyo ng iyong mag-aaral ang tungkol sa walang-hanggan at kung gaano katagal ito. Tanungin sila kung talagang naniniwala sila sa ganun, sapagkat ito ang pinakamahalaga sa araling ito. Hindi natin mauuna ang ating pananampalataya sa buhay kung hindi tayo naniniwala sa Diyos, langit at impiyerno. Kung talagang naniniwala tayo, kung gayon mas madaling makita kung bakit ang mga bagay ng kawalang-hanggan ay mas mahalaga kaysa sa mga bagay sa mundong ito.



2. Bakit may mga pagsubok sa pananampalataya tulad ng leon kung saan dapat nating piliin ang pananampalataya kapalit ng malaking kalugihan?
Sapagkat madaling MAG-USAP tungkol sa pananampalataya, ngunit magkakaroon lamang tayo ng ganoong pananampalataya kung maipapasa natin ang isang mahirap na pagsubok kung saan nanaisin nating isakripisyo ang isang bagay para dito.
3. Sa palagay mo ba ay sinasadya ng Diyos na subukan tayo sa mga mahirap na sitwasyon? Bakit? OO !!! Ito ay dahil alam ng Diyos na ang kawalang-hanggan ay mas mahalaga, at nais ng Diyos na tayo ay lumago sa ating pananampalataya at maging mga gumulang na Kristiyano.

PALARO 11

Hindi ayon sa Paningin


Ilagay ang ilang mga kagamitan sa bahay sa isang brown na papel na bag. Paupuin nang pabilog ang mga bata sa sahig. Ang mga bata ay dapat na nakapiring at nagsasalitan sa pagkuha ng mga bagay sa bag at huhulaan kung ano ito sa oamamahitan lamang ng paghawak rito.

Maaaring alam nila na ang isang mansanas ay isang mansanas, gayunpaman, hindi nila mapapatunayan ito nang hindi ito nakikita.

Nananampalataya lamang sila na alam nila ang kanilang nilalaro.

Gayundin, malalaman nila na ito ay isang cotton ball kapag hinawakan nila ito dahil mayroon na silanh nakaraang karanasan sa cotton ball at nananampalatayang nararanasan nila ang parehong bagay. Ipaliwanag sa mga bata na ang ating pananampalataya sa Diyos ay tulad ng pananampalataya sa pag-unawa sa mga elemento ng bag.

Bagaman hindi natin nakikita nang malinaw ang Diyos, ang ating mga karanasan sa Diyos ay tumutulong sa atin na magkaroon ng pananampalataya at matanto ang kanyang gawain sa ating buhay.



PAGDALO 11

Ibigay ang kard ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin silang darating sa susunod na linggo upang makakuha ng isa pang kard upang makapaglaro sila ng laro ng Bayani! Ngayon ang kard:

Daniel



ARALING-BAHAY 11

Manalangin mag-isa araw-araw sa linggong ito, kahit na ilang minuto lamang. Pasalamatang ang Diyos sa magagandang bagay sa araw na iyon at hilingin sa Diyos na tulungan kang gumawa ng mainam sa paaralan at sa bahay. Isipin ang pag-ibig ng Diyos sa iyo at sabihin sa Kanya na mahal mo rin Siya.

Basahin

Araw 1: Jonas 1:1-9

Araw 2: Jonas 1:10-17

Araw 3: Jonas 2:1-10

Araw 4: Jonas 3:1-10

Araw 5: Jonas 4:1-10



12. HUWAG TUMAKAS



Kuwentong Biblia: Jonas

Jonas 1-4

BERSIKULONG ISASAULO 12

Mga Awit 51:10 "Likhaan mo ako ng isang malinis na puso, Oh Dios; at magbago ka ng isang matuwid na espiritu sa loob ko."

KAILANGANG KUWENTO 12

Hinilingan si Kip ng kanyang ama na linisin ang pinakamakalat na silid sa bahay bilang paghahanda sa isang pulong sa hapon. Nagalit si Kip sa utos ng kanyang ama, sapagkat ang silid na iyon ay sobrang marumi. Pagkatapos ay kinuha niya ang kanyang skateboard at umalis upang hanapin ang kanyang mga kaibigan.




PANGUNAHING ARALIN 12

Sa Mga Bayani ng Pananampalataya, nakita natin ang lahat ng mga uri ng mga paraan upang magtiwala at sumunod sa Diyos. Ngunit ano ang mangyayari kapag hinilingan ka ng Diyos na gumawa ng isang bagay na talagang ayaw mong gawin?

Sinabihan ng Diyos ang isang tao na nagngangalang Jonas na mangaral sa kaaway na lungsod ng Nineveh. Inimpake ni Jonas ang kanyang bag at sabik na pumunta upang sabihin sa kanila ang mabuting balita ng biyaya ng Diyos - hindi !! Kinamumuhian ni Jonas ang mga taga-Nineve at nais niyang puksain sila ng Diyos. Sa halip, sinubukan niyang tumakas mula sa Diyos. Kapag sinusuwat natin ang Diyos, kusang-kusa tayong yumatakas o nagtatago mula sa Diyos sa pamamagitan ng pag-iwas sa pananalangin o pagbabasa ng Biblia. Hindi na tayo nagiging matapat, dahil natatakot tayo na kapag makita ng mga tao ang ating mga puso, makikita nila tayo ay mga huwad. Maaari ring mukhang naiinis tayo sa lahat. Ngunit ang totoo ay hindi natin pinapansin at sinusuwat ang Diyos. Sumakay si Jonas ng isang barko patungong Tarsis, na magalalayo sa kanya mula sa Ninive. Isang malakas na bagyo ang dumating at ang lahat ng mga mandaragat at iba pang mga pasahero ay natakot. Nang makita ni Jonas na hindi siya makakatakas sa Diyos, sinabi niya sa kanila na itapon siya sa dagat. Nagbigay ang Diyos ng isang napakalaking isda upang lunukin si Jonas! Mahal na mahal ka ng Diyos kaya't aalagaan ka niya at tutulungan ka ring sumunod sa Kanya. Sinanhi ng Diyos na iluwa siya ng isda sa lupa, at sumunod siya at nagtungo sa Nineve. Narinig ng mga tao ang kanyang mensahe at nagsisi, at hindi winasak ng Diyos ang lungsod. Matindi pa rin ang galit ni Jonas ang mga taga-Nineve at nagalit sa Diyos dahil sa pagligtas sa kanila. Ngunit minamahal ng Diyos ang lahat ng tao at hindi niya nais na mapahamak ang sinuman sa kanila, mas gugustuhin pa na magsisi sila at hanapin Siya (2 Pedro 3: 9).

Ano ang gagawin mo kung hihilingan ka ng Diyos na gumawa ng isang bagay na hindi mo nais gawin? Tulad ni Jonas, hindi ka maaaring tumakas mula sa Diyos. Kung hindi mo gusto ang mga tao na pinapatulungan Niya sa iyo, subukan ang mga bagay na ito. Ang pananalangin para sa kanila ay makakatulong magpabago ng iyong saloobin (Mateo 5:44). Maaari mong isaalang-alang kung ano ang





ginawa nila na nakasakit sa iyo o sa isang taong mahal mo, pagkatapos ay patawarin mo sila at itigil na ang paghingi ng anumang uri ng kabayaran mula sa kanila. Alalahanin na ang Diyos ay hindi nanghihingi ng anumang kabayaran para sa LAHAT ng mga maling bagay na nagawa mo. (Mateo 18: 21-35) Kung hindi mo lang makasundo ang isang tao, tanungin sila at subukang unawain ang kanilang pananaw. At kung gumawa sila ng isang bagay na nakakagambala sa iyo, tingnan ang iyong sariling puso at kilos - makikita ka ng ilang bersyon ng parehong kasalanan sa iyo (Roma 2: 1). Anuman ang dahilan kung bakit ayaw mong sumunod sa Diyos, maaari kang humiling ng tulong sa Diyos na baguhin ang iyong puso at tulungan kang gustuhin na sumunod sa Kanya. Anumang oras na hindi mo nais na sundin ang Diyos ay isang magandang oportunidad na baguhin ang iyong puso.

Pinipili kong sundin ang Diyos kahit na ayaw ko at hinihiling sa Diyos na baguhin ang aking puso.

PAGPAPASIYA 12


Habang nag-iisketing sa parke, ang isa sa mga gulong ng Skateboard ni Kip ay nasira, na naging sanhi ng pagkatumba at pagsalpok ni Kip sa ilan sa kanyang mabubuting kaibigan. Sa una ay nagalit si Kip sa kanyang skateboard, at sa kanyang mga kaibigan pagharang sa daan, at sa kanyang sarili dahil sa hindi mahusay na pag-isketing. Ngunit nang tumingin siya sa paligid at nakita kung paano nasaktan ang lahat, humingi siya ng tawad at sinabing kasalanan niya ang lahat at hindi siya dapat naroroon. Umuwi siya ng bahay, humingi ng tawad sa kanyang ama at nagsimulang linisin ang silid.



GAWAIN 12

Pangalan sa iyong Likuran

Ihanda ang mga papel na may mga kulay, hayop, prutas, atbp at i-tape ang isang papel sa likod ng bawat bata bilang kanilang "pangalan," at bigyan ang bawat bata ng isa pang papel at lapis. Sa iyong signal, susubukan ng bawat isa sa mga bata na kopyahin ang mga pangalan sa likuran ng ibang mga bata habang pipigilan ang ibang makopya ang pangalan mula sa kanilang sariling likuran. Maaari sila umikot-ikot, timalon-talon at iba pang kilos na maiiisip nila upang mapigilan ang ibang manlalaro na mabasa ang mga pangalan na nasa kanilang mga likuran. Kapag tapos na ang oras, ang bata na may pinakamahabang listahan ng mga pangalan ang panalo.



TIMELINE 12

Sa anong taon naganap ang kwento ni Jonas? Sagot: Humigit-kumulang sa taong 790 B.C.





MGA SAGOT SA PALAISIPAN 12

B	U	I	H	D	O	N	U	M	U	S
G	K	S	O	N	U	S	M	H	G	U
A	M	A	D	B	O	G	A	T	I	I
Y	R	N	M	E	N	S	A	H	E	B
A	H	O	D	M	I	W	A	S	A	N
L	B	J	B	O	H	U	S	I	K	M
A	S	R	U	K	M	G	B	H	M	A
L	G	B	K	R	A	A	D	S	I	G
N	I	E	M	A	B	M	R	R	G	S
A	D	G	K	B	I	H	U	A	S	I
M	A	N	L	I	L	I	G	T	A	S
M	U	H	E	V	E	N	I	N	U	I

TOTOO O MALI

Bilugan ang pigurang ito 👍 kung totoo at ang pigurang ito 👎 kung mali.

1. Kinain ng malaking isda si Jonas.
2. Iniibig ni Jonas ang bayan ng Nineve.
3. Lagi kang inaalagaan ng Diyos.
4. Masunurin noong una si Jonas.
5. Minsan tinatanong tayo ng Diyos na gawin ang mga bagay na ayaw nating gawin.



MGA TANONGN AT SAGOT 12

(Para sa mga Mas Nakatatandang Mag-aaral)

- Pagtakas ba talaga mula sa mga utos ng Diyos kung wala namang nakakita nito? Syempre. O sa palagay mo maaari kang magtago mula sa Diyos? Magbiro nang kaunti sa iyong mga mag-aaral tungkol sa iba't ibang mga lugar kung saan maaari tayong magtago sa ating mga magulang o guro at pag-usapan ang tungkol sa posibilidad na makapagtago mula sa Diyos. Halimbawa, "Maaari ka bang makita ng Diyos kapag nasa ilalim ka ng iyong kama?"
- Basahin ang talinghaga sa Mateo 13 at magpasya kung aling lupa ang nais mong taglayin. Magpasiya. Nais mo ba ang isang buhay na nagbubunga ng kabutihan? Matapos basahin ang talinghaga, maglaan ng sandali upang magpasya kung nais mong maging mabuting lupa na makpagbubunga ng higit sa 100 beses kaysa sa naihasik. Sa totoo lang, maiaayos natin ang "lupa" sa ating puso kung mayroon itong mga bato o kakulangan ng puwang para sa mga ugat. Isa sa pinakamabilis na paraan upang ayusin ang lupa ay PAGESUNOD.... At huwag tumakas kapag hiniling sa atin ng Diyos na gumawa ng isang bagay. Sapagkat sa maraming pagkakataon, hinihiling sa atin ng Diyos na gumawa ng isang bagay para sa ating ikabubuti, at kapag tumakas tayo, nauubusan tayo ng bunga ng buhay.



PALARO 12

Tag ng Balyena


Para sa larong ito, ang isang bata ay gayahin ang isang balyena sa pamamagitan ng pagbubukas at pagsasara ng kanyang mga bisig mula sa itaas hanggang sa ibaba, at lilibot sa paligid ng silid at susbukang hawakan ang iba pang mga bata. Ang bawat bata na nahawakan ay idadagdag sa balyena sa pamamagitan ng pagpatong ng kanilang kamay sa balikat ng taong nasa harap at ang kabilang kamay ay ipipuwesto sa likuran bilang isang buntot na maaaring mag-tag ng higit pang mga bata. Kung sa huli ay may mga bata na naiwan na hindi nahawakan, sila ay papalangkapan.



PAGDALO 12

Ibigay ang kard ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin silang darating sa susunod na linggo upang makakuha ng isa pang kard upang makapaglaro sila ng laro ng Bayani! Ngayon ang kard:

Jonas



ARALING-BAHAY 12

Ano ang pinapagawa sa iyo ng Diyos kamakailan lang? Mayroon bang isang bagay na alam mong dapat mong gawin ngunit patuloy mong inaantala o iniwasan? Huwag maghintay at huwag magreklamo. Gawin na ito.

Basahin

- Araw 1: Zacarias 7:1-7
- Araw 2: Zacarias 7:8-14
- Araw 3: Zacarias 8:1-8
- Araw 4: Zacarias 8:9-13
- Araw 5: Zacarias 8:14-23



13. IPAHAAYAG ANG KATOTOHANAN



Kuwentong Biblia: Zacarias

Zacarias 7-8

BERSIKULONG ISASAILO 13

I Mga Taga-Tesalonica 5:11

"Dahil dito kayo'y mangagpangaralan, at mangagpatibayan sa isa't isa sa inyo, gaya ng inyong ginagawa."

KAILANGANG KUWENTO 13

Kamakailan lamang ay nakikipaglaro si Buzz sa ilang mga bagong kaibigan. Ang mga kaibigan na ito ay gumawa ng mga bagay na hindi niya gusto, mga bagay na nakakagambala sa ibang tao. Pagkatapos ay sinabi niya sa kanila na hindi niya gusto ang mga gayong uri ng laro, dahil hindi okay na gambalain ang ibang tao. Pinagtawanan siya ng mga ito at sinabihan siyang maglaro nang mag-isa sa bahay.



PANGUNAHING ARALIN 13

Tingnan natin ang isang huling Bayani ng Pananampalataya. Si Zacarias ay isang propeta sa panahon na ang mga Judio ay nagbabalik mula sa pagkabiha sa Imperyo ng Persia. Si Zacarias, tulad ng iba pang mga propeta sa Biblia, ay nagpapahayag ng katotohanan, ipinapahayag ang Salita ng Panginoon sa mga taong nakapaligid sa kanya. Nang ang mga tao ay lumapit upang tanungin siya kung dapat ba nilang ipagpatuloy ang pag-aayuno sa mga karaniwang oras, hindi siya natakot na sabihin sa kanila ang katotohanang sinabi ng Diyos sa kanya. Hindi sila nag-aayuno upang hanapin ang Diyos ngunit bilang isang ritwal upang magmukhang espiritwal. Sa parehong paraan, nakikita ng Diyos ang ating mga puso at nalalaman ang ating mga motibo sa lahat ng bagay. At pinakikitunguhan nila ng mali ang iba habang nagmumukhang espiritwal sa kanilang pag-aayuno. Kinamumuhian iyon ng Diyos. Tinuligsa ni Hesus ang mga Fariseo dahil sa pagiging mala-espiritwal habang nananakit ng ibang tao (Marcos 12:40). Ginamit ng Diyos si Zacarias hindi lamang upang ituro ang maling bagay na ginagawa ng mga tao, kundi upang magdala rin ng pag-asa para sa pagbabago at kabutihan. Ginamit ng Diyos si Zacarias upang hikayatin ang mga tao na maghangad ng katuwiran, awa, at habag sa bawat isa. Nais ng Diyos na tulungan natin ang mga mahina, hindi mag-isip ng masama tungkol sa mga tao sa ating mga puso, upang magsabi ng katotohanan at maghangad ng kapayapaan. Ang kanilang pag-aayuno ay hindi mawawala, ngunit gagawin ito ng Diyos na panahon ng pagdiriwang at kagalakan. Paulit-ulit na ginamit ng Diyos si Zacarias upang ipahayag ang katotohanan, pinapaalalahanan ang mga tao ng tungkol sa lahat ng mga bagay na sinabi ng Diyos sa nakaraan, hinihikayat silang hanapin ang Diyos at pakitunguhan nang mabuti ang isa't-isa, at ipinapahayag ang pagdating ni Hesus.

Sa parehong paraan, maaari nating hikayatin ang bawat isa gamit ang Salita ng Diyos (1 Tesalonica 5:11, Hebreo 3:13). Ngunit hindi mo mahihikayat ang iba ng Salita ng Diyos kung hindi mo alam kung ano ang sinasabi ng Salita ng Diyos. Gumugol ng oras sa pagbabasa ng Biblia araw-araw (Juan 15: 5-8). Isipin na may bago kang nakilala ngayon. Paano kayo magiging mabuting magkaibigan? Kailangan mong maglaan ng oras kasama ang isang tao upang makilala mo sila ng mabuti. Sa parehong paraan, maaari kang



maglaan ng oras sa Salita ng Diyos upang makilala ang Diyos hanggang sa Siya ay maging matalik mong kaibigan - pagkatapos ay magpatuloy! Ang Kristiyanismo ay hindi tulad ng paaralan kung saan ang iyong pagtatapos ay ang katapusan. Laging may higit pa sa Diyos! Patuloy na sumunod sa Kanya, magbasa ng Kanyang Salita, matuto mula sa Mga Bayani ng Pananampalataya (mayroong higit pa sa mga napag-usapan natin) at hinihikayat ang iba na sumunod din sa Kanya.

Pinipili kong patuloy na basahin ang Salita ng Diyos at hikayatin ang iba gamit ito.

PAGPAPASIYA 13


Nang tanungin si Buzz ng kanyang ina kung bakit hindi siya kasama ng kanyang mga kaibigan, sinabi niya sa kanya kung ano ang kanilang ginagawa. Nagpasya si Buzz na manatili sa bahay, at kahit na siya ay nag-iisa, magaan ang loob niya, dahil sinabi niya ang katotohanan.



GAWAIN 13

Album ng Alaala


Ipamahagi sa bawat bata ang isang nakatiklop na piraso ng papel. Sa isang bahagi, ang mga bata ay maaaring magdikit o gumuhit ng larawan. Sa kabilang bahagi, ang mga bata ay magsusulat ng isang bagay tungkol sa kanilang sarili, tulad ng pinakamatindi kong kalokohan, kung ano ang gusto kong laruin, ang aking pinakamatalik na mga kaibigan, atbp. Pagkatapos na magawa ang mga album, i-shuffle ito at ipamahagi ang mga ito nang walang pili sa mga mag-aaral. Basahin nang malakas ang mga ito at ipakita ang bawat larawan, at huhulaan ng lahat ng mga mag-aaral kung sino ang nagmamay-ari ng bawat album.



TIMELINE 13

Sa anong taon nagsimulang magpropesiya si Zacarias? Sagot: Humigit-kumulang sa taong 520 B.C.

MGA SAGOT SA PALAISIPAN 13



Y	O	D	A	D	I	N	A	Y	I	T	S	I	R	K	G	H	K
K	N	G	H	T	A	S	N	A	A	P	A	Y	A	P	A	K	N
A	A	P	O	I	T	A	Y	A	K	I	H	I	H	G	N	A	P
I	G	S	U	S	E	H	E	G	A	I	P	M	K	N	S	T	I
L	I	S	N	P	P	T	I	P	A	G	A	A	Y	U	N	O	Y
B	B	A	K	S	O	R	Y	E	L	R	P	E	G	M	S	T	G
I	I	I	T	G	R	O	U	H	A	A	N	U	N	S	Y	O	A
B	A	R	E	M	P	N	G	S	M	L	H	R	Y	I	P	H	W
Y	K	A	H	I	N	A	A	N	A	G	N	T	U	K	L	A	A
H	A	K	U	Y	I	K	S	E	N	M	Y	R	H	L	I	N	T
M	G	A	K	A	S	I	N	U	N	G	A	L	I	N	G	A	N
P	M	S	Y	P	A	S	A	B	A	B	G	A	P	H	Y	N	I



• MGA TANONG AT SAGOT 13

(Para sa mga Mas Nakatatandang Mag-aaral)

1. Kailangan mo ba talagang sabihin ang totoo kahit na paparusahan ka ng guro dahil dito? Malinaw, ang sagot ay oo, ngunit subukang pag-usapan ang iba't ibang mga sitwasyon kapag papagalitan sila ng isang guro. Halimbawa, mas mainam na pagalitan ng guro ang isang bata na hindi natutong magbasa, dahil ito ay makakatulong din sa mag-aaral. Kung ang mag-aaral ay nagsinungaling, hindi siya matutulungan at lalaki nang hindi alam kung paano magbasa.
2. Mabuti bang magsinungaling kung mapapagaan nito ang loob ng ibang tao? Pag-usapan ang iba't ibang mga sitwasyon at iba't ibang uri ng kasinungalingan. Pag-usapan kung paanong ang labis na papuri o hindi tamang mga tagubilin ay magpapagaan ng kalooban ng ibang tao, ngunit sa katagalan ay maaaring makapinsala sa kanila.
3. Ang pagsasabi ng katotohanan ay laging madali, di ba? HINDI, sa maraming pagkakataon mas madaling magsinungaling kaysa sabihin ang totoo. Hindi nais ni Zacarias na magbigay ng masamang hula, ngunit kailangan niyang sumunod sa Diyos at sabihin nang eksakto kung ano ang hiniling sa kanya ng Diyos na sabihin sa Kanyang mga tao.

☀️ PALARO 13

Para sa larong ito, maghanda ng mga papel na may mga pangalan ng mga bayani mula sa kurikulum na ito, sapat para sa bawat bata. Maglagay ng papel ng bayani sa likuran ng bawat bata nang hindi nila nakikita kung ano ito. Dapat siyasatin at hulaan ng mga bata kung sinong bayani siya, na sumusunod sa mga patakarang ito:



- Hindi nila maaaring tanungin ang parehong kaklase nang higit sa 1 katanungan.
- Maaari lamang silang magtanong ng 3 mga katanungan sa kabuuan.
- Ang mga tanong ay dapat na sagutin sa pamamagitan lamang ng 'oo' o 'hindi'.

Ang sinumang bata na nakatama ng hula ay maaaring ilagay ang papel sa kanilang harapan.



PAGDALO 13

Ibigay ang kard ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin silang darating sa susunod na linggo upang makakuha ng isa pang kard upang makapaglaro sila ng laro ng Bayani! Ngayon ang kard:



Pagkabiha

ARALING-BAHAY 13

Ilang linggo na ang nakalilipas, ang takdang-aralin ay ang basahin ang Biblia araw-araw. Ito ang muli mong pagkakataon! Basahin ang Biblia araw-araw sa linggong ito ng hindi bababa sa ilang minuto. Huwag kang mag-alala kung makaligtaan mo ang isang araw ngunit patuloy na basahin ito araw-araw at subukang gawin itong isang kinagawian. Ano ang pinakamainam na oras para magbasa? Maaari mong ilagay ang Biblia sa tabi ng iyong kama o mga laruan o sa isang lugar na madali mong maaalala palagi. Kung mayroon kang Biblia sa iyong mobile device, kung gayon ay magdikit ng isang piraso ng papel sa isang lugar upang magpaalala sa iyo, tulad ng sa pintuan sa iyong silid. Huwag mangako, dahil tayong mga tao ay hindi marunong tumupad sa mga pangako. Basahin lamang ang Biblia araw-araw sa buong natitira mo pang buhay.

Basahin

Walang takdang-aralin

Teacher Book Unit 3
Heroes Filipino



www.ChildrenAreImportant.com
info@childrenareimportant.com
We are located in Mexico.
00-52-592-924-9041

